PBBM leads inauguration of NLEX-C5 Northlink section ahead of Undas

President Ferdinand R. Marcos Jr. led the final inspection and opening of NLEX-C5 Northlink Segment 8.2 Section 1A, on Thursday, October 29, ahead of the anticipated Undas traffic surge. This 2-kilometer section of Segment 8.2 connects Quirino Highway in Quezon City to NLEX Mindanao Toll Plaza in Valenzuela City.

President Marcos Jr. was joined during the inspection and inauguration by Transportation Secretary Vince Dizon, Public Works Secretary Giovanni Lopez, DOTr Senior Undersecretary Mark Steven Pastor, TRB Executive Director Jayart Tugade, MPTC President and CEO Gilbert Santa Maria, NLEX Corporation President and General Manager Luis Reñon, Valenzuela City Mayor Wes Gatchalian, Valenzuela City 1st District Representative Kenneth Gatchalian, and Quezon City 6th District Representative Marivic Co-Pilar.

The newly opened section is expected to help ease congestion along Mindanao Avenue and Quirino Highway while improving travel time, safety, and convenience, especially during peak travel period, such as Undas.

Motorists from Quirino Highway can now directly access the NLEX Connector for trips to Manila, the University Belt, and nearby cities, providing an alternative route to EDSA. Those heading north can use the new section to reach the NLEX Mindanao Toll Plaza and access the NLEX mainline toward Central Luzon, with







connections to the Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX) for onward travel to Northern Luzon. The section is expected to serve approximately 11,000 vehicles daily.

Operating 24/7 and accommodating all vehicle classes, the new section will facilitate the movement of people and goods and support transport logistics and economic activity.

Section 1A is part of the 11.3-kilometer NLEX-C5 Northlink Segment 8.2 project, which extends from Mindanao Avenue to C5/C.P. Garcia near Katipunan Avenue. Once completed, the project will further improve connectivity between northern and southern Luzon via the eastern side of Metro Manila.

The NLEX-C5 Northlink is a Public-Private Partnership (PPP) project with the Toll Regulatory Board (TRB) serving as government grantor, and NLEX Corporation, a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), acting as the private concessionaire.

Tradition Lives On: Mekeni Strengthens Citure of Compassion Through Annual Community Gift-Giving Initiative







More than just sharing what they have, Mekeni Food Corporation (Mekeni) continues to demonstrate that meaningful community impact begins with a shared commitment to care for others.

In keeping with its longstanding tradition of giving back, Mekeni once again brought its employees together for its annual gift-giving initiative on October 30 2026, reaching out to local orphanages and care institutions in Pampanga. The beneficiaries included Munting Tahanan ng Nazareth in Mabalacat City, and the Bahay Pag-ibig and Children's Home of Eucharistic Love and Kindness in City of San Fernando.

Rooted in the Filipino value of malasakit, the initiative reflects Mekeni's belief that corporate responsibility goes beyond business operations. It is about building meaningful relationships with communities, recognizing their needs, and taking collective action to make a difference in people's lives.

Through the initiative, Mekeni extended donations of food products, essential supplies, clothing, toiletries, and other necessities to help support the daily needs of children and residents under the care of partner institutions.

"For us at Mekeni, giving back is not simply an annual activity. It is a reflection of who we are as a company and the values we stand for. We believe that businesses have a responsibility to create a positive impact beyond the products they make and the communities they serve," said Mr. Pruds Garcia, President of Mekeni.

He added that the initiative is made more

cont. on page 2

www.deretsahan.com ISSN NO. 3116-2509

DERETSAHAN
WEEKLY NEWS PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money
VOL. III - SERIES 17 - NOVEMBER 08-14, 2026 - P 20.00

Cayetano muling dinala ang kanyang birthday outreach sa bahay-ampunan sa Benguet



Kawit schools adjust schedules, class modalities amid extreme heat

Page 07

PCG's Lifeguard Training and Water Safety nitiative to make water tourism safer in Cavite Province

Home of frozen favorites



One of Sahlee Quizon's most popular products is her homemade siomai, which has become a favorite among many of her customers.

CARD RBI
A Microfinance-Oriented Rural Bank
Ito ang Bangko Natin.

People value convenience. As daily life becomes busier, the demand for easy, practical meal options continues to rise. Not only do these products save time and money, but their longer shelf life also helps reduce food waste by allowing consumers to store and enjoy them over time.

In 2020, Sahlee Quizon from Sta. Cruz, Laguna, started her frozen food business with her first product: boneless milkfish (bangus). Known for its countless tiny bones,

cont. on page 3



Qualified SSS members with PhP10,000 monthly salary credit or below to get up to PhP 8,000 in UPLIFT aid

GUMACA PNP, TUMULONG SA MGA KABATAANG NAGLAKAD PAUWI SA ALBAY MATAPOS MABIGO SA PAGHAHANAP NG TRABAHO

PANUKALANG BATAS NA GAWING REGULAR CAMPUS ANG SLSU-CATANAUAN, INIHAIN SA KAMARA

SMFB revenue grows despite softer consumer demand, rising costs

DERETSAHAN
WEEKLY NEWS PUBLISHING

Tradition...

FROM PAGE 8

meaningful by the active participation of Mekeni employees, whose generosity and willingness to share make the company's commitment to community service a collective effort.

Beyond the company's institutional donations, employees also contributed through personal financial and in-kind donations, demonstrating how small acts of kindness, when brought together, can create a greater impact.

For Ms. Marilou Uy, Assistant Vice President for HR and Exports, the initiative underscores the importance of cultivating a workplace culture where compassion and social responsibility are shared values.

Meanwhile, Ms. Apple Garcia, HR Head, emphasized that the program provides employees with an opportunity to extend the spirit of giving beyond the workplace.

"One of the most rewarding things about this initiative is seeing our employees come together for a purpose greater than themselves. Every contribution, regardless of size, represents care, hope, and a genuine desire to help others.

We hope that through these simple gestures, we can bring encouragement to the communities we visit and inspire others to do the same," she shared.

For more than three decades, Mekeni has remained committed to uplifting lives and supporting the communities that have been part of its growth.

Through its continuing CSR initiatives, the company seeks to turn its values into meaningful action, reinfocing its belief that business success is even more significant when shared with others.

As Mekeni moves forward, it remains steadfast in its commitment to creating shared value—not only through the food it brings to Filipino tables but also through the compassion, generosity, and community spirit it continues to nurture. PR

GUMACA PNP...

FROM PAGE 1

Gumawa ng paraan ang mga tauhan ng Gumaca Municipal Police Station upang matulungan ang ilang kabataang naglalakad pauwi sa Ligao City, Albay matapos mabigo sa paghahanap ng trabaho sa Cabuyao, Laguna at maubusan ng pera.

Ayon kay Police Major Marlon Comia, hepe ng Gumaca Municipal Police Station, nagtungo sa Cabuyao ang mga kabataan upang maghanapbuhay ngunit sa loob ng dalawang buwan ay hindi sila nagkaroon ng maayos na pagkakakitaan hanggang sa maubos ang kanilang naipon.

Dahil nais na nilang makauwi sa kanilang mga magulang sa Ligao City, napilitan silang maglakad nang ilang araw patungong Bicol.

Nang mapansin at lapitan ng mga pulis sa Gumaca, Quezon, napag-alamang P150 na lamang ang natitirang pera ng mga ito.

Agad namang nagbigay ng tulong pinansyal ang Gumaca PNP at nakipag-ugnayan sa driver at konduktor ng isang pampasaherong bus upang maisakay ang mga kabataan at matiyak ang kanilang ligtas na pag-uwi.

Ayon kay Comia, ikinatuwa nila ang pagsisikap ng mga kabataan na makahanap ng mararangal na trabaho upang makatulong sa kanilang sarili at pamilya, dahilan upang hindi mag-atubili ang kanyang mga tauhan na umalalay sa kanila.

Ipinakita ng insidente na bukod sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan, bahagi rin ng tungkulin ng kapulisan ang pagbibigay ng malasakit at agarang tulong sa mga mamamayang nangangailangan.

(Aida Dapula)

SMFB...

FROM PAGE 1

San Miguel Food and Beverage, Inc. (SMFB) delivered a resilient performance in the first nine months of 2026, with consolidated sales rising 2% to P309.6 billion. High inflation, elevated commodity prices, and slower economic growth put a strain on household budgets.

Gross profit was slightly lower at P85.7 billion and EBITDA was down 5% at P55.5 billion, with EBITDA margin at 18%.

Operating income declined 9% to P40.6 billion, as the company increased brand spending to sustain demand in a period when consumers became more selective. Net income was also 9% lower at P30.6 billion.

San Miguel Foods posted sales of P151.4 billion, up 6%, driven by strong performances across its Animal Nutrition and Health, Processed Meats and Dairy businesses.

The Animal Nutrition and Health business led growth, with sales increasing 27%, supported by sustained demand across its product portfolio. Growth in the company's branded food businesses also helped offset softer market conditions in its Protein and Flour operations.

Operating income reached P11.7 billion, while net income amounted to P8.3 billion, lower by 9% and 7%, respectively, compared to the previous year. Profitability was affected by lower poultry prices and higher operating costs, including fuel, raw materials, and foreign exchange-related pressures.

Beer remained SMFB's largest earnings contributor. San Miguel Brewery Inc. posted consolidated sales of P109.2 billion, 1% lower, as softer consumer spending affected sales volumes. Domestic beer sales reached P96.7 billion, while international operations generated US$206.9 million, 5% lower, as the conflict in the Middle East affected volumes in the region.


Beer operating income was P20.5 billion and net income P16.1 billion, both 14% lower. Ginebra San Miguel maintained earnings growth despite softer sales volumes, with revenue increasing 1% to P48.9 billion. Operating income rose 7% to P8.0 billion and net income 3% to P6.5 billion, supported by continued cost management and operational efficiency.

SMFB will continue to strengthen its brand building campaigns, improve production and logistics efficiencies and grow its food, beer and spirits businesses.

SMFB ended September 2026 with total equity of P203.9 billion, up 4% from the end of 2025, with improved liquidity and leverage ratios.

"This has been a challenging year so far for Filipino consumers, so we continue to make every effort to keep our products affordable while managing our costs carefully," said Ramon S. Ang, Chairman of SMFB. "Our brands remain strong and our balance sheet has strengthened further.

We will continue to invest in capacity and in our brands so we are ready when demand picks up. We look forward to a strong holiday season, traditionally our busiest time of the year." PR



EDITORYAL:

23 GRUPO NG NEGOSYO AT SEKTOR, NANAWAGAN NG PAGPAPALAMIG NG TENSIYON SA PAGITAN NG PILIPINAS AT CHINA

Nanawagan ang koalisyon ng 23 grupo mula sa sektor ng negosyo at iba pang sektor sa Pilipinas na magkaroon ng de-escalation o pagpapababa ng tensiyon sa pagitan ng Pilipinas at China, bunsod ng pangamba sa posibleng epekto ng patuloy na sigalot sa kalakalan at ugnayang pang-ekonomiya ng dalawang bansa.

Ayon sa ulat, binigyang-diin ng mga grupo ang kahalagahan ng pagpapanatili ng matatag na ugnayang pangkalakalan at pang-ekonomiya, lalo na kung magpapatuloy ang paglala ng tensiyon sa pagitan ng Maynila at Beijing.

Nagbabala ang koalisyon na maaaring maapektuhan ang malalim na ugnayang pangkalakalan at iba pang gawaing pang-ekonomiya kung mananatiling maigting ang relasyon ng dalawang bansa.

Mahalagang tandaan na ang panawagan para sa pagpapalamig ng tensiyon ay nakatuon sa pagpapanatili ng katatagang pang-ekonomiya at hindi awtomatikong nangangahulugan ng pagsuko sa mga karapatan at interes ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Sa gitna ng patuloy na hamon sa relasyon ng dalawang bansa, nananatiling mahalaga ang paghahanap ng diplomatikong paraan upang mapangalagaan ang kapayapaan, pambansang interes, at katatagan ng ekonomiya ng Pilipinas.

DERETSAHAN
WEEKLY NEWS PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money

DERETSAHAN WEEKLY NEWS PUBLISHING is an **ENGLISH/FILIPINO** newspaper that is being regularly published weekly every Sunday.

EDITORIAL OFFICE

Business Office : #023 Coastal Green St., P. F. 1 Espiritu, Bacoor City Cavite
Website: www.deretsahan.com
Mobile No.: 09365035056
Email ad: deretsahan2024@gmail.com

EDITORIAL BOARD

Publisher	: Nelson A. Dimapilis
Editor-In-chief	: Edjun C. Mariposque
Editor	: Kevin Pamatmat
Managing Editor	: Sol Luzano
Marketing Manager	: Pau Dela Cruz
Circulation Manager	: Christina Mercado
Lay Out Artist	: Danica Mae G. Cardiño

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ---------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ---------- P160/col.cm

Font Size:

Heading	: 10
Body Text	: 08
Space	: Single space

PANUKALANG...

FROM PAGE 1

Inihain ni Quezon 4th District Representative Reynante Arrogancia ang House Bill No. 11713 na naglalayong gawing regular campus ang Southern Luzon State University (SLSU) – Catanauan Extension Campus sa bayan ng Catanauan, Quezon.

Nakasaad sa panukalang batas ang pag-convert sa kasalukuyang extension campus bilang regular campus, gayundin ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad nito.

Ayon kay Arrogancia, layunin ng panukala na mapalakas ang kakayahan ng SLSU-Catanauan na magbigay ng serbisyong pang-edukasyon sa mga mag-aaral at komunidad sa Bondoc Peninsula.

Binigyang-diin ng kongresista na mahalagang magkaroon ng mas maraming oportunidad ang mga kabataan na makapagpatuloy ng kanilang pag-aaral, lalo na ang mga pamilyang nagsisikap na maitaguyod ang edukasyon ng kanilang mga anak.

Aniya, ang pagpapalakas sa presensya ng SLSU sa Catanauan ay isang hakbang upang magkaroon ng mas matatag na pundasyon ang edukasyon sa lugar at makatulong sa paghubog ng mga kabataang magiging katuwang sa pag-unlad ng Bondoc Peninsula.

Sa pamamagitan ng panukala, inaasahang magkakaroon ng mas matibay na institusyonal na pundasyon ang SLSU-Catanauan, na maglalayong palawakin ang oportunidad sa mataas na edukasyon para sa mga kabataan sa nasabing bahagi ng lalawigan.

Paalala sa publication: Panukalang batas pa lamang ang HB No. 11713; hindi ito dapat ilahad bilang batas na naaprubahan na o campus na opisyal nang nagsimula ang regular campus.

(Aida Dapula)

PCG's...

FROM PAGE 1

DASMARIÑAS CITY, Cavite (PIA) — With a goal to enhance safety across tourism sites in Cavite province, the Philippine Coast Guard (PCG) is set to launch a specialized water safety training initiative for local resort personnel and first responders.

Last October 21, the PCG Coast Guard Station Cavite gathered resort owners and representatives in Dasmariñas City to discuss the proposed Lifeguard Training and Water Safety Initiative.

Designed specially for resort personnel, the program aims to equip resort staff with essential lifesaving skills, drowning prevention protocols, and emergency response skills.

The PCG emphasized that elevating safety standards is vital in ensuring the safety and well-being of tourists.

In a statement, the PCG underscored that the initiative will help local resorts further enhance their safety standards.

"Through this initiative, our local resorts can further enhance their safety standards and provide a more secure and enjoyable experience for families and visitors. Together, we [will] continue to promote responsible tourism and strengthen Dasmariñas City's commitment to welcoming guests with greater confidence, care, and peace of mind."

To recall, the Cavite Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) reported a series of drowning incidents last September, including that of an 18-year old boy in Dasmariñas City and an eight-day search operation for a drowning victim in Lucsuhin River.

Qualified...

FROM PAGE 1

QUEZON CITY, 28 October 2026 – The Social Security System (SSS) today announced that eligible members under the expanded coverage of the Department of Social Welfare and Development's (DSWD) UPLIFT Assistance program will receive up to ₱8,000 in financial assistance beginning 30 October 2026.

The latest payout will cover qualified SSS members with monthly salary credits (MSC) not exceeding ₱10,000.

The UPLIFT Assistance aid consists of four tranches of ₱2,000 each, to be credited directly to their registered SSS disbursement accounts.

The DSWD, in coordination with SSS, earlier expanded the program to provide additional assistance to qualified members with MSCs not exceeding ₱10,000, beyond the assistance previously available to members with up to ₱20,000 MSC.

SSS meanwhile emphasized that having an MSC not exceeding ₱10,000 does not automatically entitle a member to UPLIFT Assistance.

To qualify, members must also have paid at least one SSS contribution in 2025 or 2026 and be included in the Philippine Statistics Authority's (PSA) 2024 Community-Based Monitoring System (CBMS) database.

They must also have enrolled their disbursement accounts through the SSS Disbursement Account Enrollment Module (DAEM) within the prescribed period.

Members are advised to check their My.SSS accounts for official notifications regarding their eligibility for UPLIFT Assistance.

Meanwhile, qualified SSS members with an MSC of ₱20,000 are scheduled to receive the third and fourth tranches of UPLIFT Assistance, totaling ₱4,000, on 6 November 2026. This follows the DSWD's successful release of the first and second tranches of aid earlier this year.

Eligible beneficiaries who have not received any UPLIFT Assistance will receive the full ₱8,000 covering all four tranches.

Those who have already received the first two tranches totaling ₱4,000 will receive an additional ₱4,000 for the third and fourth tranches. These will be credited simultaneously to the beneficiaries' registered SSS disbursement accounts. PR

Kawit...

FROM PAGE 1

KAWIT, Cavite (PIA) — Public schools in the municipality of Kawit will implement adjusted class schedules and alternative learning modalities starting November 4 to safeguard students and teachers from rising temperature.

Mayor Armie Aguinaldo announced the decision following guidance from the Department of Education (DepEd) Kawit District in response to the rising heat indexes across the region.

"Dahil sa banta ng matinding init sa ating mga mag-aaral, guro, at paaralan, naglabas ng paabiso ang DepEd Kawit District sa bagong schedule ng pagtuturo at alternative distance learning mode para sa mga estudyante."

Under the new setup, public elementary schools will conduct face-to-face classes from 6 a.m. to 9 a.m. before transitioning to modular learning for the remainder of the day. Secondary schools will also adjust its schedule to avoid peak heat hours.

Binakayan National High School will adopt alternating shifts where face-to-face classes are held from six o'clock until nine o'clock in the morning, while other shifts will adopt either modular distance learning or online distance learning.

Likewise, E.T. Tirona Memorial Integrated High School will start its morning classes as early as 5:30 in Junior and Senior High School, while afternoon shift will start at 2:30 in the afternoon until 6:45 in the evening.

Aguinaldo said the new class hours will be effective starting November 4, Wednesday, amid the rising heat index.

Private schools were also advised to coordinate with parents and school administrators for their schedule adjustments.

To recall, the Department of Education (DepEd) authorized schools to adjust or suspend learning activities during extremely hot weather conditions as the very strong El Niño is likely to prolong dry spells nationwide.



Cayetano...

FROM PAGE 1

Sa pagdiriwang ng kanyang kaarawan nitong Miyerkules, October 28, muling naghandog si Senate Minority Leader Alan Peter Cayetano ng selebrasyon para sa mga batang nasa pangangalaga ng Bethesda Ministries International sa Itogon, Benguet, kasama ang kanilang mga guro at pastoral staff, bilang bahagi ng kanyang taunang birthday outreach.

Nagkaroon ng salu-salo, palaro, at pamamahagi ng mga papremyo sa selebrasyon, kung saan espesyal ding binati ang mga nagdiriwang ng kanilang kaarawan ngayong buwan.

Halos 30 taon nang may ugnayan si Cayetano sa Bethesda, isang Christian ministry na nangangalaga sa mga bata sa Cordillera. Taun-taon na rin siyang nakikipagdiwang at nagbabahagi ng tulong sa komunidad nito tuwing kanyang kaarawan at panahon ng Pasko.

Noong January, nagdaos si Cayetano ng pagtitipon para sa mahigit 100 kabataan mula sa Bethesda sa Taguig City. Kinilala niya ang naging kontribusyon ng mga ito sa pagsisimula ng healthcare system ng lungsod.

Hinikayat din niya ang mga kabataan na panghawakan ang kanilang pananampalataya at mga pangarap sa buhay.

"The planting of the seed matters… you have to see the tree, you have to see the fruit. Kailangan makita niyo iyon, because when you have a vision and you know your purpose, that will guide you," wika niya.

Mahigit 20 taon na ang nakalipas nang magpadala ang Bethesda at mga international partner nito ng isang container van na puno ng mga hospital bed at medical equipment na nakatulong sa pagtatayo ng unang pampublikong ospital sa Taguig.

Makikita rin ang matagal nang ugnayan ni Cayetano sa Bethesda sa kanyang mga isinusulong na panukala sa Senado, kabilang ang Senate Bill No. 106 o Trust Fund for the Abandoned, Neglected, or Voluntarily Committed Child.

Layunin ng panukala na magtatag ng national care system at pangmatagalang suportang pinansyal para sa mga batang ulila, inabandona, o napabayaan.

Bukod sa outreach sa Benguet, minarkahan din ni Cayetano ang kanyang kaarawan sa pamamagitan ng isang medical caravan para sa mga Persons Deprived of Liberty (PDL) sa Quezon City Jail Male Dormitory sa Payatas, kung saan nagbigay ang kanyang grupo, sa tulong ng mga medical specialist, ng libreng checkup, diagnostic services, at mga Gamot. PR

MAYOR ROSS RIZAL CONGRATULATES 450 CMDC GRADUATES, HIGHLIGHTS NEW CAREER OPPORTUNITIES







CALAMBA CITY, LAGUNA — 450 Calambeños have successfully completed their training at the Calamba Manpower Development Center (CMDC), marking another milestone in the city's efforts to equip residents with practical skills and expand their opportunities for employment and livelihood.

The graduates' achievement highlights the importance of skills development and accessible training programs in helping individuals prepare for better career opportunities, secure employment, or establish their own sources of income.

Mayor Roseller "Ross" H. Rizal congratulated the 450 graduates, emphasizing that investing in skills training and providing opportunities can help build a brighter future for more Calambeños.

"Isang mahalagang hakbang tungo sa mas magandang kinabukasan! Malugod nating ipinagdiriwang ang pagtatapos ng 450 Calambeño sa Calamba Manpower Development Center."

"Patunay ito na sa pamamagitan ng tamang pagsasanay at pagbibigay ng oportunidad, mas marami tayong kababayang nagkakaroon ng bagong kaalaman, kasanayan, at kakayahang makahanap ng trabaho o makapagsimula ng sariling kabuhayan."

"Congratulations sa ating mga graduates! Patuloy nating palalawakin ang mga programang nagbibigay ng oportunidad at mas magandang kinabukasan para sa bawat Calambeño!"

The completion of the 450 trainees underscores the importance of continuous investment in human resource development, as the city seeks to empower more residents through programs that promote employability, self-sufficiency, and sustainable livelihood.

Through the Calamba Manpower Development Center, the city continues to provide Calambeños with opportunities to develop their potential, acquire valuable skills, and take meaningful steps toward a more secure and productive future.

(Edjun Mariposque)

557 CALAMBEÑOS BENEFIT FROM MAYOR ROSS RIZAL'S KABUHAYAN NI RIZAL LIVELIHOOD PROGRAM



CALAMBA CITY, LAGUNA — A total of 557 beneficiaries from the lowland barangays of Calamba City received livelihood assistance through the city government's Kabuhayan ni Rizal program, reinforcing the administration's efforts to expand economic opportunities and support residents in improving their quality of life.

The initiative aims to provide additional sources of income and livelihood opportunities to qualified Calambeños, particularly those seeking financial support to establish or strengthen their means of earning.

Mayor Roseller "Ross" H. Rizal emphasized the importance of bringing livelihood opportunities closer to residents and ensuring that more families can benefit from programs designed to improve their economic well-being.

"Patuloy ang ating pagsisikap na mailapit ang mga oportunidad sa kabuhayan sa bawat Calambeño. Ngayong araw, 557 benepisyaryo mula sa mga low-land barangays ang nakatanggap ng tulong mula sa ating programang Kabuhayan ni Rizal."

"Sa pamamagitan nito, hangad nating mabigyan ng dagdag na pagkakakitaan at oportunidad ang ating mga kababayan upang mas mapabuti ang kanilang pamumuhay."

The mayor also encouraged interested residents to apply for the program by visiting the Mayor's Office at Calamba City Hall to inquire about the application process.

"Sa mga may nais mag apply sa Kabuhayan Ni Rizal, maaari po kayong magpunta sa Mayor's Office sa City Hall at mag inquire po."

Through Kabuhayan ni Rizal, the city government continues to promote livelihood development and provide Calambeños with opportunities to achieve more sustainable sources of income.

(Edjun Mariposque)

Mayor Ross Rizal Pushes Road Improvement in Pansol to Enhance Safety and Tourism



A road rehabilitation project is underway at Purok 1, Barangay Pansol, Calamba City, Laguna, as part of the local government's continuing efforts to improve road conditions and provide safer and more convenient travel for motorists and residents.

The project aims to deliver a smoother, safer, and more comfortable roadway, benefiting not only the local community but also tourists visiting Pansol, which is widely known for its numerous resorts and its distinction as the Resort Capital of the Philippines.

Mayor Roseller "Ross" H. Rizal emphasized the importance of improving road infrastructure in the area, recognizing its vital role in supporting tourism and enhancing the daily mobility of residents.

"Bilang tahanan ng maraming resort at kilala bilang Resort Capital of the Philippines, mahalaga ang maayos na imprastraktura sa Pansol. Hindi lamang mga residente ang makikinabang dito, kundi maging ang mga turistang bumibisita sa ating lungsod."

He also reaffirmed the city's commitment to continuously upgrading its roads and infrastructure to promote public safety and support Calamba's development.

"Patuloy nating pagbutihin ang mga kalsada at imprastraktura para sa mas ligtas at mas maunlad na Calamba!"

The road rehabilitation project reflects the city's continuing commitment to strengthening local infrastructure, improving accessibility, and providing better public facilities for Calambeños and visitors alike.

(Edjun Mariposque)

PUBLISHER CORNER

ANG PAGIGING NEUTRAL NG INBISTIGADOR AY HINDI DAHILAN PARA IWASAN ANG ASSESSMENT!



May nagsasabing bawal daw pumanig ang inbistigador sa alinmang panig kaya hindi raw dapat gumawa ng assessment sa isang vehicular accident.

Tama na hindi dapat kumampi ang inbistigador. Pero kailangang linawin:

ang pagiging neutral ay hindi nangangahulugang hindi na siya magsusuri ng ebidensya.

Sa isang aksidente, hindi kailangang umamin muna ang isang driver bago magsagawa ng patas na imbestigasyon. Hindi rin dapat nakabatay sa kung sino ang mas makapangyarihan, kung sino ang may posisyon, o kung government vehicle ang sangkot.

Ang tungkulin ng Inbistigador ay alamin at itala ang mga pangyayari batay sa ebidensya: salaysay ng magkabilang panig, point of impact, direksyon at posisyon ng mga sasakyan, road markings, traffic signs, photographs, CCTV at mga testigo kung mayroon.

Kung ang ebidensya ay nagpapakita na ang isang sasakyan ang bumangga, dapat itong maitala bilang factual finding—hindi dahil kumampi ang Inbistigador, kundi dahil iyon ang sinusuportahan ng ebidensya.

At kung hindi sapat ang ebidensya para matukoy ang sanhi ng aksidente, maaari niyang sabihin iyon nang malinaw. Hindi kailangang piliting maglabas ng konklusyon kung walang sapat na batayan.

Maging malinaw tayo: ang assessment ng Inbistigador ay hindi hatol ng korte at hindi rin awtomatikong deklarasyon na guilty ang isang driver. Ito ay bahagi ng pagdodokumento at pagsusuri sa nangyari.

Maging pribado man o government vehicle ang sangkot, pareho dapat ang pamantayan ng patas at maayos na imbestigasyon.

Ang tunay na pagiging impartial ay hindi ang pag-iwas sa findings. Ito ay ang paglalabas ng findings na walang kinikilingan at nakabatay lamang sa ebidensya.

EXPLICIT

41 KASO NG PAGNANAKAW AT PANLOLOKO, IKINASO SA REGIONAL MOST WANTED NA TIMBOG SA CAINTA



Madelaine Go

Wala nang kawala sa batas ang isang Regional Level Most Wanted Person matapos masakote ng mga tauhan ng Cainta Municipal Police Station (MPS) sa isinagawang operasyon dakong alas-3:50 ng hapon noong Nobyembre 5, 2026, sa Barangay San Juan, Cainta, Rizal.

Kinilala ang naarestong suspek sa alyas na "Jors," 33-anyos at residente ng nasabing lugar. Nahaharap siya sa kabuuang 41 bilang ng kaso, kabilang ang 29 counts ng Qualified Theft at 12 counts ng Estafa Through Falsification of Commercial Documents.

Batay sa mga warrant of arrest, may inirekomendang piyansang ₱696,000 para sa 29 bilang ng Qualified Theft, habang ₱276,000 naman ang itinakdang piyansa para sa 12 bilang ng Estafa Through Falsification of Commercial Documents.

Matapos ang pagkakaaresto, ipinaalam sa suspek ang kanyang mga karapatang konstitusyonal sa wikang kanyang nauunawaan, alinsunod sa mga itinakda ng batas.

Sa kasalukuyan, nananatili siya sa kustodiya ng Cainta MPS Custodial Facility habang isinasagawa ang mga kaukulang proseso kaugnay ng kanyang mga kasong kinakaharap.

Ayon kay PCOL Atty. Eleazar R. Barber Jr., Provincial Director ng Rizal Police Provincial Office, patuloy na paiigtingin ng kapulisan ang pagtugis sa mga wanted person upang matiyak na maipatutupad ang mga umiiral na warrant of arrest at mapanagot sa batas ang mga sangkot sa mga krimen.

Binigyang-diin din ng opisyal na ang bawat matagumpay na operasyon ay nagpapakita ng patuloy na pagsisikap ng kapulisan na mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan sa lalawigan ng Rizal.

HOME...

FROM PAGE 1

the fish had once been the cause of a choking incident that nearly cost Sahlee her life.

After that incident, she promised herself that one day she would enjoy bangus without fearing its bones.

That promise led her to create her version of boneless bangus. Sahlee started her business while still working as a company employee. As demand grew, she left her job to focus on her venture. What started as a personal solution to a struggle eventually became her bread and butter.

After a decade of working for different companies, Sahlee discovered that nothing compares to the freedom of running her own business and the flexible schedule that comes with it.

"Pagdating kasi sa negosyo, umaga pa lang mayroon ka ng pera; kumbaga hindi mo na kailangan hintayin ang kinsenas at katapusan, basta masipag ka, araw-araw ka kikita." (Unlike in a regular job where you wait for payday, your earnings in business depend on your effort. Being hardworking and consistent can make more profit every day).

To reach more customers, she also posts her products online. With today's growing shift toward digitalization, her online presence has helped her connect with a wider market, including resellers.

Currently, she has four resellers that help distribute her products. Over time, she expanded beyond boneless bangus and began offering other homemade products, including tocino, longganisa, shanghai, embutido, chicken inasal, barbecue, and siomai. Exploring other products became easier for her since her mother's business was also in the frozen food industry.

As her business grew, competition became inevitable. However, she remains unfazed, believing that success comes down to those who produce better quality products. Every day, she mostly uses up to 60 kilos of meat and 20 kilos of bangus. Although the work is physically demanding, she chooses to handle it by herself to ensure that the quality and taste remain consistent.

For Sahlee, the recipe for a good business is a combination of hard work and perseverance.

"Sa simula, may mga pagkakataon na hindi lahat ng produkto ay maibebenta sa isang araw, pero darating yung panahon na babalik-balikan ito ng customers mo." (There will be slow days, but there will come a time when people will keep coming back for more; until that happens, keep grinding)," she stated.

Financial support from the bank

In 2013, she became a client of CARD MRI Rizal Bank Inc. (CARD RBI), a microfinance-oriented rural bank under CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

For nearly 13 years, she has relied on CARD RBI for both her family and business needs. She took an educational loan for her children, a housing loan, and additional capital to support the start of her business in 2020.

Currently, she has an active loan of PHP 95,000.00, which she uses as additional capital for her venture.

Through her business, she has sent all five of her children to school, with three now professionals and the two youngest still in college, pursuing their respective dreams.

To this day, she continues to post her products online as part of her marketing strategy.

Looking ahead, she remains hopeful and determined to grow her business further, aiming to reach more customers and create more opportunities for expansion.

Pointer

LAGUNA, HATID ANG PAGKAIN, NUTRISYON AT SERBISYONG PANGKALUSUGAN SA MGA MAMAMAYAN



Pau Dela Cruz

Patuloy na inilalapit ng Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna sa pangunguna ni Gov. Sol Aragones ang mga programang pangkabuhayan, nutrisyon at kalusugan sa mga mamamayan sa pamamagitan ng Laguna Pantry, Pandesol at Libreng Pustiso.

Sa ilalim ng Laguna Pantry, namahagi ng libreng manok, isda at gulay sa mga residente ng Barangay Palingon at Turbina sa Calamba City noong Nobyembre 4 upang makatulong sa pang-arawaraw na pangangailangan ng mga pamilya.

Samantala, inilunsad naman noong Nobyembre 6 ang Pandesol Program, na nagbibigay ng libreng pandesal at palaman bilang almusal ng mga magaaral at guro sa mga piling pampublikong paaralan. Layunin nitong matulungan ang mga mag-aaral na makapagsimula ng klase nang may sapat na pagkain at mas makapagpokus sa kanilang pagaaral.

Kasabay nito, 15 residente naman ng San Pablo City ang nakatanggap ng libreng pustiso sa ilalim ng Libreng Pustiso Program na isinagawa sa San Pablo District Hospital.

Ayon kay Gov. Aragones, bahagi ang mga programang ito ng patuloy na pagsisikap ng pamahalaang panlalawigan na ilapit ang tulong at serbisyong panlipunan sa bawat komunidad sa Laguna.

Sa tatlong programang ito, binibigyang-pansin ang mahahalagang pangangailangan ng mga Lagunense—pagkain sa hapag, sapat na nutrisyon ng mga magaaral at serbisyong pangkalusugan para sa mga nangangailangan.

MATAGUMPAY NA ISINAGAWA ANG MINI SERBISYO CARAVAN PARA SA MGA KOMUNIDAD NG AETA AT BADJAO SA SITIO MAHARLIKA









Bilang bahagi ng patuloy na pagsusulong ng inklusibo at pantay na serbisyong pampubliko, matagumpay na isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba, sa pangunguna ni City Mayor Hon. Roseller "Ross" H. Rizal, ang Mini Serbisyo Caravan para sa mga komunidad ng Aeta at Badjao sa Sitio Maharlika, Barangay Makiling.

Nasa kabuuang 221 na residente ang napaglingkuran sa nasabing aktibidad, mula sa mga komunidad ng Aeta sa Barangay Makiling at Milagrosa, gayundin sa komunidad ng Badjao sa Barangay Looc.

Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ng buong puwersa ng CalamBagong Pamahalaan, naihatid sa mga residente ang iba't ibang serbisyo, tulong at gawaing pangkomunidad na naglalayong matugunan ang kanilang mga pangangailangan at mapabuti ang kanilang kalagayan.

Sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Ross Rizal, patuloy na pinagtitibay ng Pamahalaang Lungsod ang paninindigang ilapit ang mga programa at serbisyo ng pamahalaan sa bawat mamamayan, lalo na sa mga katutubo at sektor na higit na nangangailangan ng suporta at pagkalinga.

Ang matagumpay na pagsasagawa ng caravan ay patunay ng kahalagahan ng pamahalaang aktibong lumalapit sa mga komunidad upang matiyak na ang mga benepisyo at serbisyong pampubliko ay tunay na nararamdaman ng bawat mamamayan.

Patuloy na isinusulong ng CalamBagong Pamahalaan ang isang pamamahalang may malasakit, pagkakaisa at pantay na oportunidad para sa lahat.

CalamBagong Pamahalaan: Serbisyong walang pinipili at walang iniiwan!

AEV SUSTAINS EARNINGS GROWTH AMID INDUSTRY CHALLENGES

The Caliraya-Botocan-Kalayaan (CBK) Hydroelectric Power Plant Complex supports Aboitiz-Power's growing energy portfolio Aboitiz Equity Ventures Inc. (AEV) earned PHP 17.8 billion in the first nine months of 2026, up 2% from the same period last year, as stronger earnings from its power and banking businesses supported overall growth despite varying market conditions across its industries.

AboitizPower and UnionBank led the performance, with power accounting for 64% of earnings, followed by banking and financial services at 23%, and food and beverage at 21%. Infrastructure weighed on overall results with an 8% drag.

While earnings were higher for the nine-month period, AEV recorded a net income of PHP 4.1 billion in the third quarter, covering July to September, compared with PHP 8.9 billion in the same quarter last year.

AboitizPower earned PHP 26.2 billion, up 13% from PHP 23.3 billion last year, supported by higher electricity market prices, more power covered by supply contracts, and additional capacity from the Caliraya-Botocan-Kalayaan (CBK) Hydroelectric Power Plant Complex and new solar power plants. Over the nine-month period, these gains more than offset the impact of lower coal plant availability. Excluding one-time items and foreign exchange gains and losses, earnings rose 11% to PHP 25.5 billion, while operating earnings increased 13% to PHP 63.7 billion. However, lower coal plant availability affected third-quarter net income, which reached PHP 7.8 billion, compared with PHP 10.6 billion last year. AboitizPower contributed PHP 14.1 billion to AEV's earnings.

The company also continued expanding its energy portfolio, including the groundbreaking of a 60-megawatt battery storage facility in Cebu in July to help strengthen grid reliability.

Union Bank of the Philippines posted a 53% increase in net income to PHP 9.9 billion, supported by higher income from lending, banking fees, and wealth management services. Total revenue grew 8% to PHP 65.5 billion, while income from lending after interest expenses rose 9% to PHP 51.9 billion.

Loans to individual customers accounted for 62% of total loans, while costs related to possible loan losses declined 4% to PHP 15.0 billion. As of September, UnionBank had PHP 1.2 trillion in assets and PHP 573.5 billion in loans, contributing PHP 5.0 billion to AEV's earnings. The bank also reported serving more than 19.5 million customers in its October earnings announcement, reflecting its expanding customer base and continued digital banking investments.

AEV's food and beverage businesses, comprising Aboitiz Foods and Coca-Cola Europacific Aboitiz Philippines (CCEAP), contributed PHP 4.7 billion, compared with PHP 5.2 billion last year.

CCEAP maintained its strong market position and recorded higher beverage sales volumes, while Aboitiz Foods posted gains in regional livestock feed, trading, pet food, specialty nutrition, and fish feeds. These gains were partly offset by continued challenges in farms and meat production, including import competition and weaker local demand. Aboitiz Foods also expanded its research capabilities through an aquaculture research facility in Singapore to support fish feed development.

In real estate, AEV earned PHP 7 million, compared with PHP 1.7 billion last year, mainly reflecting the absence of significant land sale gains recorded in 2025 and the timing of income from economic estate lot sales.

Despite the difference in reported earnings, residential operations recorded improved sales quality and fewer forfeitures, while economic estates generated higher rental income from increased occupancy and rental rates. Separately, LIMA Estate in Batangas reached more than PHP 128.9 billion in cumulative investments, hosting over 200 companies and supporting 75,000 jobs, reflecting the estate's continued development and economic activity.


In infrastructure, AEV's share of Aboitiz InfraCapital's losses narrowed to PHP 520 million from PHP 668 million, supported by higher passenger traffic at Mactan-Cebu International Airport, full nine-month contributions from Laguindingan and Bohol-Panglao International Airports, and continued expansion of telecommunications towers under Unity Digital Infrastructure.

These improvements helped balance slower international air travel and lower water volumes from Apo Agua due to El Niño. AEV's share of Republic Cement's losses stood at PHP 1.2 billion, compared with PHP 1.1 billion last year, bringing total infrastructure losses attributable to AEV to PHP 1.7 billion.

As of September 30, 2026, AEV's total assets remained steady at PHP 1 trillion, with PHP 84.8 billion in cash, compared with PHP 87.8 billion at the end of 2025. Total liabilities stood at PHP 621.2 billion, up from PHP 609.1 billion, while equity attributable to parent company shareholders increased to PHP 301.9 billion from PHP 290.5 billion.

AEV maintained a current ratio of 1.1 times and a net debt-to-equity ratio of 0.9 times. In May 2026, the Group also received an A- investment-grade credit rating with a Stable outlook from Japan Credit Rating Agency, which recognized its diversified portfolio, stable cash generation, and disciplined financial management. The Group also earned recognition for good corporate governance at the recent 2026 Golden Arrow Awards, with AEV and UnionBank receiving four Golden Arrows each, while AboitizPower received three. PR

4TH SOUTH LUZON DAIRY FAIR, MATAGUMPAY NA IDINAOS SA LUCENA CITY







Matagumpay na idinaos noong Nobyembre 3 at 4 sa Quezon Convention Center, Lucena City ang 4th South Luzon Dairy Fair na pinangunahan ng National Dairy Authority (NDA), na naglalayong palakasin ang industriya ng pagawaan ng gatas sa Timog Luzon.

Dinaluhan ang dalawang araw na aktibidad ni NDA Administrator Atty. Marcus Antonius T. Andaya, kasama si Quezon Governor Doktora Helen Tan, Provincial Veterinarian Dr. Flomella Caguicla, at iba pang mga kinatawan ng sektor ng pagawaan ng gatas.

May temang "Unified Vision, Stronger Collaboration: Boosting the Dairy Industry in South Luzon," layunin ng pagtitipon na palakasin ang ugnayan at pagtutulungan ng mga lokal na dairy farmers, kooperatiba at iba pang stakeholder upang higit na mapaunlad ang industriya.

Kabilang sa mga tampok na bahagi ng aktibidad ang Industry Solidarity Response at mga presentasyong nagbahagi ng kaalaman at makabagong pamamaraan sa pagpapahusay ng produksyon at pagproseso ng mga produktong gawa sa gatas.

Nagsilbing pagkakataon din ang pagtitipon upang mapalawak ang ugnayan at oportunidad ng mga lokal na magsasaka ng gatas, mapalakas ang kanilang kabuhayan, at matukoy ang mga hakbang tungo sa mas maunlad at mas matatag na industriya ng dairy sa Timog Luzon.

(Aida Dapula)

BJMP Lucena, nagsagawa ng iba't ibang aktibidad para sa rehabilitasyon ng mga PDL

LUCENA CITY — Nagsagawa ang Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) Lucena Male Dormitory ng iba't ibang aktibidad bilang bahagi ng pagdiriwang ng National Correctional Consciousness Week (NACOCOW) 2026 na may temang "Makataong Paglilingkod, Makabuluhang Rehabilitasyon, Pagbabagong may Layunin."



Pinangunahan ng Welfare and Development Unit ang mga programa sa ilalim ng pamumuno ni Jail Warden JSINSP Arvin P. Andojar, na naglalayong isulong ang holistic rehabilitation at personal na pag-unlad ng mga Persons Deprived of Liberty (PDL).

Kabilang sa mga isinagawang aktibidad ang painting contest, Zumba,



sack race at tug-of-war na nagbigay ng pagkakataon sa mga PDL na maipakita ang kanilang pagkamalikhain, mapaunlad ang kalusugan at mahasa ang pagtutulungan at pakikipagkapuwa.

Bahagi ang mga gawaing ito ng programa ng BJMP na naglalayong itaguyod ang pisikal at mental na kapakanan ng mga PDL, gayundin ang kanilang disiplina, tiwala sa sarili at positibong pagbabago.

Sa pamamagitan ng mga makabuluhang gawaing pang-edukasyon, pangkalusugan at pampalakasan, patuloy na isinusulong ng BJMP ang paghahanda sa mga PDL para sa kanilang maayos na pagbabalik sa komunidad.

(Aida Dapula)

PAGSUSULONG NG KAHANDAAN PARA SA HALAL CERTIFICATION, PINANGUNAHAN NG DA4A

Upang higit na maunawaan ang kahalagahan ng Halal Certification, isinagawa ng Department of Agriculture IV- CALABARZON (DA-4A) Halal Food Industry Development Program (HFIDP) ang isang pagsasanay para sa dalawang samahan kabilang ang Kasama Halal Producers Cooperative mula sa Sto. Tomas Batangas at ang The Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative noong ika-27 hanggang ika-28 ng Oktubre sa Sta. Rosa Laguna.

Ang Halal Certification ay isang pormal na pagkilala mula sa awtorisadong institusyon na ang isang produkto, pagkain, o serbisyo ay sumusunod sa mga batas at alituntunin ng Islam (Sharia law).

Sa pananalita ni Halal Focal Person, Mr. Antonio I. Zara, binigyang diin niya na ang Halal ay hindi lamang para sa mga Muslim kundi para sa lahat dahil nagbibigay ito ng katiyakan na ang produkto ay sumusunod sa itinakdang pamantayan sa kalinisan, kaligtasan, at wastong proseso ng produksyon.

Kabilang sa mga paksang tinalakay ang mga pamantayan sa Halal kasama na ang wastong pag- aalaga at pamamahala ng kambing alinsunod sa mga tuntunin at mabuting kasanayan sa paghahayupan; proseso at pamamaraan ng sertipikasyon at ang pagpapatupad ng Sagip Saka Act.

Bilang isa sa mga samahang gumagawa ng mga produktong Halal, natutunan umano ni Ms. Rigerte A. Caparas ng The Rosario Livestock and Agriculture Farming Coop ang mga wastong proseso at pamantayan na kailangang sundin upang makakuha ng Halal certification upang matiyak ang kaligtasan at kalidad ng kanilang mga produkto. Samantala, naging bahagi rin ng pagsasanay ang lokal na pamahalaan ng dalawang bayan mula sa Sto. Tomas at Rosario Batangas. PR